

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Hepatoblastoma

Ano ang Hepatoblastoma?

Ang hepatoblastoma ay isang uri ng kanser na nagmumula sa atay. Ang atay ay matatagpuan sa dakong itaas **at** kanang bahagi ng tiyan. Ito ay tumutulong sa pagtanggali ng mga nakakalasang kemikal sa ating dugo; pagbuo ng apdo na tumutulong sa pagtunaw ng pagkain at pag-iimbak ng asukal ("glucose") para maging malakas ang ating pangangatawan.

Ang hepatoblastoma ang pangunahing kanser sa mga batang nasa murang edad pa lamang. Ang mga sintomas ay karaniwang lumalabas sa mga batang may edad na tatlong taong gulang pababa.

Ano ang sanhi ng Hepatoblastoma?

Sa kasalukuyan ay hindi pa alam ang tunay na sanhi ng hepatoblastoma, **bagama't** may mga bagay na sinasabing maaring magdulot ng panganib para ang isang bata ay magkaroon ng sakit na ito. Kabilang dito ang pagkakaroon ng kasariang panlalaki, ang napakababang timbang pagkapanganak, mga diprensiyang taglay pagkasilang pa lamang ("congenital conditions"), gaya ng di pantay na paglaki ng kalahating bahagi ng katawan ("hemihypertrophy"), "Beckwith-Wiedeman syndrome", "Familial adenomatous polyposis", kakulangan ng bato o di kaya ng "adrenal glands" at iba pa.

Gayon pa man, mapapansin na hindi lahat nang nagkakaroon ng hepatoblastoma ay taglay ang mga nabanggit na panganib. At marami sa mga may nabanggit na panganib, ay hindi naman nagkaroon ng sakit na ito. **Para sa mga sanggol na may mga katangiang kagaya ng hemihypertrophy at Beckwith-Wiedeman syndrome**, hinihikayat **ang** regular na ipasuri ang tiyan ng bata **sa pamamagitan ng** ultrasound upang matukoy agad kung **siya a magkaroon ng hepatoblastoma**.

Anu-ano ang mga sintomas o palatandaan ng Hepatoblastoma?

Ang unti-unting paglaki ng tiyan sanhi ng bukol, lalo na sa kanang bahagi nito ang kadalasang unang mapapansin. Kabilang sa iba pang mga palatandaan na maaring makita ay ang mga sumusunod: pangangayayat, kawalang gana sa pagkain, pagduduwal o pagsusuka, pamumutla, paninilaw ng balat at mata, paglalagnat, pagtatae, hirap sa pagdumi, at ang pagkakaroon ng mga katangian ng pagdadalaga o pagbibinata na wala sa panahon.

Paano malalaman kung ang isang bata ay may Hepatoblastoma?

Kung ang isang bata ay may isa o higit pa sa mga senyales at sintomas na nabanggit, isang maingat na pagsusuri ang kailangang gawin. Kabilang dito ang pagtatanong sa pangkalahatang kalusugan ng bata at ng mga kapamilya at eksaminasyon ng buong katawan. Ito ay mahalaga upang matukoy ang antas ng tumor at kung ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng katawan.

Sa pamamagitan ng pagsusuri ng dugo para sa "tumor markers", maaaring malaman kung nagtataglay ito ng di pangkaraniwang mataas na antas ng "alpha fetoprotein" (AFP) at "human chorionic gonadotropin" (B-HCG), isa sa mga katangiang matatagpuan sa mga batang may sakit ng Hepatoblastoma.

Kinakailangan ding sumailalim ang bata sa mga espesyal na eksaminasyon katulad ng "abdominal ultrasound", "computed tomography (CT) scan", o kaya "magnetic resonance imaging (MRI)" para mas ganap na makita ang bahagi ng **atay** na nasaklaw ng tumor at alamin kung ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng katawan gaya ng mga baga at buto.

Ang iba pang mga pagsusuri na mahalaga sa pagtukoy ng sakit na hepatoblastoma ay ang mga sumusunod: eksaminasyon sa dugo, atay at bato, bahagi ng dugo na nagpapaampat ng pagdurugo ("coagulation test") at ihi.

Mahalaga ring kumuha ng sapat na bahagi ng tumor na kung tawagin ay "biopsy" para ito ay masuri ng isang pathologist sa ilalim ng "microscope" at matukoy ang uri ng hepatoblastoma mayroon ang bata.

Ano ang ibig sabihin ng "staging"?

Ang "staging" ay isang pamamaraan na sinusunod upang malaman kung ang tumor ay nasa isang bahagi pa lamang o kung kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan. Ang pagbatid sa antas o "stage" ng isang batang may wilms' tumor ay mahalaga hindi lamang sa pagpapalano ng angkop na paggamot, kung di upang mabatid din ang potensyal nitong gumaling.

Stage I: ang tumor ay ganap na natanggal sa pamamagitan ng operasyon.
Walang tumor sa kalapit na tisyu o sa paligid nito

- Stage II: ang tumor ay ganap na natanggal sa pamamagitan ng operasyon subali't may tumor sa kalapit na tisyu o paligid nito kapag sinuri sa ilalim ng "microscope"
- Stage III: ang tumor ay hindi kayang matanggal sa pamamagitan ng operasyon; o maliit na bahagi lamang ng tumor ang natanggal; o kung nagkaroon ng pagkalat ng tumor sa loob ng tiyan habang isinasagawa ang operasyon; o may mga tumor sa kalapit na mga kulani
- Stage IV: ang tumor ay kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan gaya ng mga бага at buto.

Paano pina-plano ang paggamot sa batang may Hepatoblastoma?

Ang pag-gamot ng mga batang may kanser tulad ng hepatoblastoma, ay naaayon sa antas o "stage", anyo ng tumor batay sa pagsusuri sa ilalim ng "microscope" ("histology"), laki ng tumor at ang kakayahang matanggal ang tumor sa pamamagitan ng operasyon,.

Bukod sa inyong "pediatric oncologist" o espesyalista sa kanser ng bata, maraming doktor na may sapat na kaalaman sa sakit na ito ang magtutulong-tulong upang maibigay ang angkop na paggagamot sa sakit na hepatoblastoma. Kabilang sa mga ito ay ang mga sumusunod: pediatric surgeon na dalubhasa sa pagopera ng atay, radiologist, radiation oncologist, oncology nurses, pharmacist, psychologists, social workers, at iba pa.

Paano ginagamot ang Hepatoblastoma?

Ang hepatoblastoma ay karaniwang ginagamot sa pamamagitan ng operasyon o pagtanggap ng tumor at ang pagbibigay ng mga espesyal at matatapang na gamot na kung tawagin ay "chemotherapy". Bagaman maraming pamamaraan ng paggamot, mahalaga na isaalang-alang ang antas o "stage" at ang kakayahang matanggal ang tumor sa pamamagitan ng operasyon

Ang pagsasagawa ng operasyon upang ganap na matanggal ang tumor ay mahalaga sa paggaling ng batang may hepatoblastoma. Nguni't kung ang tumor ay lubhang malaki na, kakailanganin ang pagbigay ng "chemotherapy" para ito ay mapaliit bago isagawa ang operasyon.

Layunin ng "chemotherapy" ang pagpuksa sa tumor sa pamamagitan ng **paggamit** ng iba't ibang matatapang na gamot na maaaring ipainom, iturok sa laman o ipadaan sa ugat ("systemic therapy"). Mayroon ding tinatawag na "regional therapy" kung saan ang gamot ay pinadadaan sa malaking ugat ng atay ("hepatic artery"). Sa pamamagitan ng "chemoembolization", pinuputol nito ang pagdaloy ng dugo mula sa "hepatic artery" patungo sa sa tumor, nang sa gayon ito ay tuluyang mamatay.

Para sa iilang pasyenteng na lubhang malaki ang tumor na di kayang tanggalin sa pamamagitan ng operasyon o di kayang tumanggap ng "chemotherapy", maaaring gamiting ang tinatawag na "radiation therapy". Dito ay gumagamit ng malakas na uri ng enerhiya na nagmumula sa isang makina ("high energy x-rays") upang patayin ang tumor. Ito ay isinasagawa ng isang radiation oncologist na **siyang dalubhasa sa paggamit nito. Ang isa pang maaring gawin ay sumailalim sa tinatawa na "liver transplantation" kung saan inaalís ang apektadong atay at papalitan ng malusog na atay mula sa ibang tao.**



Ang mahalagang impormasyon na ito ay mula sa pagsisikap ng Philippine Society of Pediatric Oncology, Inc. (PSPO), isang kasapi ng samahan ng Philippine Pediatric Society (PPS). Para sa iba pang katanungan tungkol sa paggamot ng sakit na ito, hinihikayat ang pagkonsulta sa inyong "pediatric oncologist" na may dalubhasang kaalaman tungkol dito.